


Salamat sa pagsama sa amin para talakayin ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat!

Sisimulan natin ang sesyon sa loob ng ilang minuto.

Washington Office of Superintendent of
**PUBLIC INSTRUCTION**

# Mga Opsyon sa Pakikibahagi para sa Sesyon na Ito


- Irerekord at ipapaskil ang sesyon na ito sa Website ng Tanggapan ng Tagapangasiwa ng Pampublikong Pagtuturo (Office of the Superintendent of Public Instruction, OSPI) DITO.
- Ang mga link sa slide ay ilalagay sa chat sa buong sesyon.
- Gamitin ang button ng Tanong at Sagot, (Question and Answer, Q&A) para magtanong o magkomento sa tanong.
- Kasama natin ang tagasalin sa wikang Espanyol, si Francisco Rojas.
- Mayroon ding live na paglalagay ng caption; mag-click sa "CC" button.



# Sesyon ng Impormasyon para sa mga Pamilya: Mga Serbisyo para Makabawi sa Panahon ng Paglipat



**Tania May**
Direktor ng Espesyal na Edukasyon
tania.may@k12.wa.us




**Alexandra Toney**
Tagapangasiwa ng Programa
alexandra.toney@k12.wa.us

Washington Office of Superintendent of
PUBLIC INSTRUCTION

**Mayo 26, 2021**

Idinisenyo ang sesyon ng impormasyon ngayon para bigyan ang mga pamilya ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat. Ako si... at kasama ko si.... Nasasabik rin kaming makasama ngayon ang maraming ka-partner sa paglipat mula sa Dibisyon ng Bokasyonal na Rehabilitasyon (Division of Vocational Rehabilitation, DVR), Administrasyon ng mga Kapansanan sa Pag-unlad (Developmental Disabilities Administration, DDA), Sentro para sa Pagbabago sa mga Serbisyo sa Paglipat, at ang kolaborasyon sa pakikibahagi ng pamilya. Umaasa kami na makakasuporta ang mga ka-partner na ito sa pagbabahagi ng mga ideya, tanong, at impormasyon sa ating talakayan ngayong gabi. Kaya, magsimula na tayo!





Kaming mga kumakatawan sa OSPI ay magalang na kumikilala na ang ahensya ng estadong ito ay nasa mga tradisyonal na lupain ng Squaxin Island Nation, na mga inapo ng mga mandaragat na namuhay at umunlad sa kahabaan ng dalampasigan ng Salish Sea. Ginawa namin ang pagkilala na ito para magbigay ng puwang para sa pagtanggap, inclusion, at paggalang sa ating mga ka-partner na malayang tribu at lahat ng katutubong estudyante, pamilya, at kawani sa ating mga komunidad. Naglakip kami ng numero sa slide na ito na puwedeng i-text para matukoy ang mga pantribong lupain kung saan kayo naroon ngayon.

Kinikilala namin ang kirot at masaklap na karanasan mula sa nakalipas na mga buwan at sa mahigit 400 taon ng racism sa Estados Unidos.

Nakikiisa kami sa ating mga komunidad ng mga taong may kulay. Kinikilala rin namin ang intersectionality ng mga tao na tinutukoy ang kanilang sarili bilang indibidwal na may kulay at mga indibidwal na may kapansanan.

Nakatuon kami sa pagsentro ng aming gawain para buwagin ang sistematikong pagtatangi ng lahi at putulin ang mga estruktura ng diskriminasyon laban sa mga may kapansanan.

Washington Office of Superintendent of PUBLIC INSTRUCTION



# Pahayag sa Pagkakapantay-pantay

Nagtataglay ang bawat estudyante, pamilya, at komunidad ng kalakasan at pangkulturang kaalaman na nakabubuti sa kanilang mga kasamahan, guro, at paaralan.

Pagtitiyak sa pagkakapantay-pantay sa edukasyon:

- Higit pa sa pagiging pantay-pantay; hinihingi nito sa mga pinuno ng edukasyon na suriin ang mga paraan kung paano nagbibigay ng magkakaibang resulta ang mga kasalukuyang patakaran at gawi sa ating mga may kulay na estudyante, mahihirap na estudyante, mga estudyanteng nakakatangggap ng espesyal na edukasyon at mga serbisyo para sa Nag-aaral ng Ingles, mga estudyanteng kabilang sa LGBTQ+, at mga populasyon ng estudyanteng palipat-lipat.
- Hinihingi sa mga pinuno ng edukasyon na bumuo ng pag-unawa sa mga pangkasaysayang konteksto; hikayatin ang mga estudyante, pamilya, at ng kinatawan komunidad na maging mga ka-partner sa paggawa ng desisyon; at aktibong alisin ang mga sistematikong hadlang, palitan ang mga ito ng mga patakaran at gawi na titiyak na may access ang lahat ng estudyante sa pagtuturo at suportang kailangan nila para magtagumpay sa ating mga paaralan.

Washington Office of Superintendent of
PUBLIC INSTRUCTION

## Pagbabalangkas sa Talakayan Ngayon

- Kinikilala namin ang mga pagsisikap, hamon at tagumpay ng mga tagapagturo, estudyante, at pamilya sa panahon ng pandemya ng COVID.
- Ang mga serbisyo para makabawi at mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat ay ang mga kadalasang paksa ng mga tanong mula sa mga pamilya at distrito at ang batayan para sa maraming reklamo sa estado at patas na proseso sa pagdinig.
- Nilalayon ng presentasyon na ito na maging komprehensibo, at ang impormasyon, mga estratehiya, at mga halimbawang ibabahagi namin ay hindi para palabasin na walang kabatiran ang mga distrito o hindi pa bumubuo/nagpapatupad ng mga plano para tugunan ang mga pangangailangan ng estudyante.
- Mangyaring huwag mag-atubiling magtanong, pero maging maingat tungkol sa pagbabahagi ng impormasyon na partikular sa estudyante, dahil irerekord ito at makikita ng publiko.

Washington Office of Superintendent of
PUBLIC INSTRUCTION

7

Gusto kong buksan ang talakayan ngayon sa pamamagitan ng ilang pagbabalangkas. Para magsimula, kinikilala namin ang mga pagsisikap, hamon at tagumpay ng mga tagapagturo, estudyante, at pamilya sa panahon ng pandemya ng COVID. Sa partikular, ang mga serbisyo para makabawi at mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat ay madalas na paksa ng mga tanong mula sa mga pamilya at paaralan. Naging batayan rin ang mga ito para sa maraming reklamo sa estado at patas na proseso sa pagdinig. Layunin ng presentasyon ngayong gabi na maging komprehensibo, kaya ang impormasyon, mga estratehiya, at halimbawang ibibigay namin ay para makapagbigay ng pangkalahatang ideya. Hindi namin gustong palabasin na walang kabatiran ang mga distrito o hindi pa sila bumubuo at nagpapatupad ng mga plano para tugunan ang mga pangangailangan ng estudyante.

Sinuri namin ang lahat ng tanong na isinumite sa pamamagitan ng proseso ng rehistrasyon at isinama namin ang mga ito sa mga slide. Malugod naming tatanggapin ang mga tanong, pero maging maingat tungkol sa pagbabahagi ng impormasyon na partikular sa estudyante, dahil irerekord ito at ipapaskil sa publiko sa aming website. Baka mas mabuting talakayin ang mga partikular na tanong tungkol sa Programa ng Pang-indibdwal na Edukasyon (Individualized Education Program, IEP) o mga serbisyo ng inyong anak sa pamamagitan ng indibidwal na email o tawag sa telepono. Ibabahagi

namin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa aming opisina.


## Ang mga Layunin Namin para sa Talakayan Ngayon

- Tiyakin na alam ng mga pamilya kung ano ang mga serbisyo para makabawi at mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat.
- Linawin kung paano pinagpapasiyahan, isinasadokumento, at ibinibigay ng Isinapersonal na Programa sa Edukasyon (Individualized Education Program, IEP) team ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat, kabilang ang para sa aling mga grupo ng estudyante.
- Ibahagi kung ano ang maaasahan ng mga pamilya mula sa mga paaralan at IEP team, kabilang ang mga timeline.
- Talakayin ang papel ng OSPI sa pagbibigay ng patuloy na patnubay at pangangasiwa sa mga serbisyo para makabawi at mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat.


Washington Office of Superintendent of
PUBLIC INSTRUCTION

8

Isa sa mga tanong na natanggap namin ang tungkol sa mga pagsisikap namin na ibahagi sa mga pamilya ang impormasyon tungkol sa mga serbisyo para makabawi. Ang mga layunin namin para sa sesyon na ito ay tiyakin na alam ng mga pamilya ang tungkol sa mga serbisyo para makabawi at mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat, para maging malinaw kung paano pinagpapasiyahan, isinasadokumento, at ibinibigay ng mga IEP team ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat at kung para sa aling mga grupo ng estudyante, ibahagi ang maaasahan ng mga pamilya mula sa mga paaralan at mga IEP team kabilang ang mga timeline, at talakayin ang papel ng OSPI sa pagbibigay ng patuloy na tulong at pangangasiwa sa mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat.




Bago natin talakayin ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat, gusto naming magsimula sa maikling pangkalahatang ideya ng mga serbisyo para makabawi. Tatalakayin din namin ang tungkol sa mga timeline at mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat. Tutugunan namin ang mga tanong sa buong sesyon, at magsasara tayo sa pamamagitan ng pagtukoy sa ilan sa mga susunod na hakbang.




- Bago tayo pumunta sa ating patnubay ngayon, gusto ko munang kilalanin sandali na ang mga desisyon para sa estudyante ng IEP tungkol sa mga serbisyo para makabawi ay idinagdag sa Mga Plano para Makabawi na isusumite ng mga distrito ngayong taon.
- Dito sa slide na ito, umaasa ako na may ilang pagbabalangkas para maunawaan kung ano ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga dokumento ng patnubay na naka-link sa ibaba ng slide
    - Isasagawa ng OSPI sa Hunyo ang Mga Plano para Makabawi para sa Kapakanan na Pang-akademiko at Estudyante.
        - Tutukuyin nila ang mga partikular na pagtatalaga ayon sa baitang para matukoy ang puwang sa pagkatuto/kapakanan para sa lahat ng estudyante. Ibabalangkas ng mga planong ito ang pangkalahatang suporta para makabawi ang estudyante para matugunan ang mga epekto ng pandemya; kabilang ang karagdagang pagtuturo, suporta sa kapakanan, at mga extracurricular na oportunidad para sa lahat ng estudyante.
        - Makikita ninyo ang icon ng gusali dito dahil idinisenyo ang mga ito para sa benepisyo ng lahat ng estudyante.
    - Pagkatapos, mayroon pang isasama bukod diyan, ang mga IEP team ay gumagawa ng mga partikular na desisyon na iniakma sa indibidwal na estudyante kung kailangan ba ng estudyante ang mga serbisyo para makabawi at ang mga ito ay karagdagang serbisyo para tugunan ang kawalan ng naaangkop na pagsulong sa mga layunin ng IEP dahil sa mga napalampas o limitadong serbisyo o para sa iba

pang dahilan bilang resulta ng pandemya.

- Para sa pagbubuod bago tayo pumunta sa susunod na slide: ang mga desisyong ginawa para sa lahat ng estudyante laban sa indibidwal na mga estudyante at pagsasamahin ang mga ito para magbigay ng pinagsamang suporta para sa mga estudyanteng karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon

## Ano ang Mga Serbisyo para Makabawi?

- Ang Mga Serbisyo para Makabawi ay mga karagdagang serbisyo para tugunan ang kawalan ng naaangkop na pagsulong sa mga layunin ng IEP dahil sa mga napalampas o limitadong serbisyo o sa iba pang dahilan bilang resulta ng pandemya. (Katulad sa Panghaliling Edukasyon.)
- Kakailanganin ng mga IEP team na magdaos ng mga talakayan ukol sa mga serbisyo para makabawi sa panahon ng mga pagpupulong ng IEP sa (kahit sa) susunod na taon.
- Ang mga serbisyo para makabawi ay para sa mga estudyante Bago mag-Kinder hanggang sa edad na 21 taong gulang (at baka lampas pa dito, para sa mga estudyanteng tumuntong sa edad na 21 taong gulang sa panahon o pagkatapos ng 2019–20 at hindi pa nakakapagkamit ng diploma).

Washington Office of Superintendent of
PUBLIC INSTRUCTION

11

Pag-uusapan natin ngayon ang mga desisyon ng IEP team tungkol sa mga serbisyo para makabawi at magbibigay kami ng buod ng Patnubay para Makabawi sa Espesyal na Edukasyon sa 2021 at sa Susunod na mga Taon**…**na tinatalakay nang partikular ang mga serbisyo para makabawi sa bandang huli ng webinar.

Kung gayon, ano ang mga Serbisyo para Makabawi?


Mga karagdagang serbisyo ang mga ito para tugunan ang kawalan ng naaangkop na pagsulong sa mga layunin ng IEP dahil sa mga limitadong serbisyo o sa iba pang dahilan bilang resulta ng pandemya.
Katulad ito ng panghaliling edukasyon sa paraang tinutugunan nila ang puwang sa pagsulong o sa mga nakaraang serbisyo, gayunman, ang mga serbisyo para makabawi ay nilalayon para maging isang aktibo at nagtutulungan na pagtugon ng IEP team sa halip na bilang resulta ng hindi pagkakaunawaan.

Idadaos ng mga distrito ang mga talakayang ito ukol sa mga serbisyo para makabawi para sa lahat ng estudyanteng may IEP bago mag-Kinder-edad na 21 taong gulang at maaaring lampas pa dito kung ang estudyante ay tumuntong sa edad na 21 taong gulang sa panahon ng pandemya at hindi pa nakakapagkamit ng diploma.

Para sa ilang estudyante, maaaring makapaghintay ang mga desisyong ito hanggang sa petsa ng

kanilang taunang pagsusuri ng IEP at para sa ilang estudyante na may mas kagyat na mga pangangailangan, maaaring gawin agad hangga't maaari ang mga usapang ito.

Pumunta na tayo sa susunod na slide at dagdagan pa natin ang ating kaalaman ukol sa ating patnubay.




Nagmula ang larawang ito mula sa aming dokumento ng patnubay ukol sa mga serbisyo para makabawi at matatagpuan ito sa pahina 2. Kasama sa mga priyoridad namin sa mga serbisyo para makabawi ang pagtugon sa pagkakapantay-pantay, inclusion, at mga iniaatas sa espesyal na edukasyon; pagiging kagyat sa pagtugon sa mga pangangailangan ng estudyante at pagsubaybay sa pagsulong; at pagsama sa mga estudyate at pamilya bilang mga ka-partner, kabilang ang tapat na pakikipag-ugnayan at pagbibigay ng mga suporta sa pag-access sa wika.

# Ano ang mga Priyoridad sa Mga Serbisyo para Makabawi?

- Iniakma ng IEP team sa bawat indibidwal, hindi oras-oras o minu-minuto subalit hindi dapat na ibatay sa pormula o kalkulasyon.
- Nasusukat ang pagsulong batay sa IEP at Plano sa Paglipat bago magkaroon ng COVID, hindi sa Mga Plano sa Patuloy na Pag-aaral (Continuous Learning Plans, CLP) at/o mga pansamantalang limitadong serbisyo sa panahon ng pandemya.
- Ang mga pamilya at estudyante ay bahagi ng IEP team at mahahalagang ka-partner sa pagpapasiya ukol sa mga pangangailangan/halaga/iskedyul ng serbisyo para makabawi.
- Dapat magbigay ang mga distrito ng pag-access sa wika, interpretasyon, at pagsasalin, kung kinakailangan, para masiguro ang paglahok ng magulang.

Washington Office of Superintendent of PUBLIC INSTRUCTION

Pinagkunan: Gabay ukol sa Mga Serbisyo para Makabawi sa Espesyal na Edukasyon ng Washington: 2021 at sa Susunod na mga Taon (p. 2, 4).

13

Mula sa mga priyoridad na iyon, gusto naming idiin na ang mga desisyon tungkol sa mga serbisyo para makabawi at mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat ay dapat iniakma sa indibidwal na mga estudyante at tinukoy ng IEP team. Ang mga serbisyo para makabawi ay hindi inaasahan na maging minu-minuto o oras-oras bilang pamalit sa mga napalampas na serbisyo, pero HINDI rin dapat ibatay ang desisyon sa pormula o kalkulasyon. Hindi namin aasahan na makakatanggap ng parehong halaga o uri ng mga serbisyo para makabawi ang lahat ng estudyante sa isang paaralan.

Mahalaga ang data ng pagsubaybay sa pagsulong para matulungan ang mga IEP team na magdesisyon tungkol sa mga serbisyo para makabawi. Dapat isaalang-alang ng mga team ang pagsulong ng estudyante batay sa IEP at Plano sa Paglipat bago magkaroon ng COVID, hindi sa Plano sa Patuloy na Pag-aaral (CLP) o anumang pansamantala o limitadong serbisyo na ibinigay sa panahon ng pandemya. Gusto kong linawin na ang mga pagsusuri at ang IEP na binuo sa nakalipas na 18 buwan ay mahahalaga ring pinagkukunan ng impormasyon at dapat isaaalang-alang bilang bahagi ng desisyon. At dapat isama ang mga pamilya at estudyante sa proseso ng pagdedesisyon at magkaroon ng access sa mga pangangailangan sa suporta sa wika.

## Ano ang Proseso para sa Mga Serbisyo para Makabawi?

- Dapat isaalang-alang ang Mga Serbisyo para Makabawi para sa bawat estudyanteng may IEP: ano ang inaasahang antas ng pagsulong mula sa IEP bago magkaroon ng COVID kung HINDI nangyari ang pandemya?
- Hindi kailangang hilingin ng mga pamilya ang proseso nito; dapat itong maging bahagi ng proseso ng IEP. Dapat ding tumugon ang mga distrito sa mga kahilingan ng mga magulang at huwag iantala ang mga talakayang ito.
- Dapat gawing priyoridad ang pagsasapanahon batay sa indibidwal na pangangailangan. Hindi inaasahan sa mga distrito na magdaos agad ng mga IEP para sa bawat estudyante AT hindi dapat iantala nang di-kinakailangan ang mga desisyon.

Pinagkunan: Gabay ukol sa Mga Serbisyo para Makabawi sa Espesyal na Edukasyon ng Washington: 2021 at sa Susunod na mga Taon (p. 1).

Washington Office of Superintendent of PUBLIC INSTRUCTION

14

Kaya, pumunta na tayo sa kung paano ba ang proseso at kung ano ang maaasahan ng mga pamilya mula sa mga paaralan. Inaasahan ng OSPI na isasaalang-alang ang mga serbisyo para makabawi para sa bawat estudyanteng may IEP. Kasali dito ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat ng mga estudyanteng nasa edad ng paglipat, na tatalakayin pa natin pagkalipas ng ilang sandali. Para matukoy ang pangangailangan sa mga serbisyo para makabawi, dapat suriin ng IEP team ang inaasahang antas ng pagsulong, mula noong bago magkaroon ng COVID hanggang ngayon. Ano ang inaasahang antas ng pagsulong ng estudyante sa mga layunin ng IEP kung HINDI nangyari ang pandemya, at ano ang kasalukuyang pagsulong ng estudyante? Dapat tugunan ng mga serbisyo para makabwi ang anumang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang sukatan na iyon.

Dapat itong maging bahagi ng proseso ng IEP para sa lahat ng estudyante, at hindi kailangang humiling ng mga pamilya para mangyari ang prosesong ito. Dapat ding tumugon ang mga distrito sa mga kahilingan ng magulang at huwag iantala ang mga talakayan. Kinikilala rin namin na hindi sabay-sabay na maidadaos ang bawat pagpupulong. Dapat gawing priyoridad ang pagsasapanahon at pagkakasunod-sunod batay sa mga pangangailangan ng indibidwal na estudyante. Kahit na hinidi inaasahan sa mga distrito na magdaos agad ng mga IEP para sa bawat estudyante, hindi rin nila dapat iantala ang mga desisyon tungkol sa mga serbisyo para makabawi.

# Ang Ginagawa ng mga Paaralan Ngayon?

**Tag-araw ng 2021**

- Magplano at kolektahin ang data ng pagsulong para matukoy ang mga serbisyo para makabawi sa buong distrito.
- Isama o iayon sa mga programa sa tag-araw ang mga serbisyo para makabawi; ibigay bilang karagdagan sa Pinalawig na Taong Pampaaralan (Extended School Year, ESY).
- Isaalang-alang ang mga pangangailangan sa pagsasanay ng IEP team para makagawa ng mga desisyon sa mga serbisyo para makabawi.
- Mag-iskedyul at magdaos ng ilang* pagpupulong ng IEP.
- Ibigay ang mga serbisyo para makabawi sa mga estudyanteng may IEP kung kinakailangan.

**Taglagas ng 2021 at Tagsibol ng 2022**

- Ipunin/subaybayan ang epekto ng mga serbisyo para makabawi at programa sa tag-araw ng 2021.
- Mag-iskedyul at magdaos ng mga papupulong ng IEP. Tukuyin ang mga kailangan ng serbisyo para makabawi sa mga pagpupulong ng IEP.
- Isama o iayon ang mga serbisyo para makabawi sa pangkalahatang karagdagang programa/programa para makabawi.
- Ibigay ang mga serbisyo para makabawi sa mga estudyanteng may IEP kung kinakailangan.


Washington Office of Superintendent of
PUBLIC INSTRUCTION

15

Marami sa mga tanong na natanggap namin mula sa mga pamilya ay tungkol sa mga kasalukuyang plano at alok sa mga serbisyo para makabawi, lalo na sa panahon ng tag-araw. Sa susunod na dalawang slide, ibabahagi namin ang aming kaisipan tungkol sa mga timeline. Sa tag-araw ng 2021, inaasahan namin na magpaplano ang mga IEP team at mangongolekta ng data ng pagsulong para tukuyin, sa minimum, ang mga serbisyo para makabawi sa buong distrito. Nagsimula si Alexandra ngayon nang may paghahambing sa Mga Plano para Makabawi ukol sa Kapakanan na Pang-akademiko at Estudyante sa pandistritong antas - maaaring kabilang sa mga planong iyon ang mga karagdagang suporta para sa lahat ng estudyante, kasama ang mga nakatuong suporta para sa mga estudyanteng may kapansanan sa loob ng distrito. Maaaring nagsisimula ang ilang distrito sa gayong mga uri ng programa, na may planong ipagpatuloy ang pang-indibidwal na mga desisyon at suporta simula sa taglagas ng 2021. Hinihimok namin ang mga distrito na isama at/o iayon sa mga mas pangkaraniwang programa sa tag-araw ang mga serbisyo para makabawi para sa mga estudyanteng may mga IEP, kung naaangkop. Baka makabuti rin na magbigay ng mga serbisyo para makabawi, kabilang ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat, bilang karagdagan sa mga suporta sa Pinalawig na Taong Pampaaralan (o ESY). Kahit na limitado ang mga kawani sa panahon ng tag-araw, baka may mga sitwasyon kung kailan kailangang magdaos ng pagpupulong ng IEP. Kung kinakailangan, dapat ibigay sa mga estudyanteng may IEP ang mga serbisyo para makabawi.

Habang lumilipat sa taglagas ng 2021 at sa tagsibol ng 2022, magpapatuloy ang prosesong ito. Hindi nangyari ang pandemya sa loob ng isang tag-araw, kaya makatwiran lang na maaaring kailanganing palawigin ang mga serbisyo para makabawi. Dapat ipunin, at subaybayan ng mga IEP team ang pagsulong ng epekto ng mga serbisyo para makabawi at mga programa na ibinigay sa tag-araw.

Pagpapasiyahan ng team ang patuloy na pangangailangan sa mga serbisyo para makabawi sa panahon ng mga pagpupulong ng IEP. Dapat isama at iayon ang mga serbisyo sa mga pangkalahatang programa para makabawi, kung naaangkop, at dapat tumanggap ang mga estudyanteng may IEP ng pang-indibidwal na mga serbisyo para makabawi kung kinakailangan.




Para sa ilang estudyante na nakaranas ng mas malaking epekto at kawalan ng naaangkop na pagsulong sa mga layunin ng IEP sa panahon ng pandemya, baka kailangang ipagpatuloy ang prosesong ito sa tag-araw ng 2021, sa susunod na taong pampaaralan, at maaaring hanggang sa tag-araw ng 2023. Magpapatuloy ang proseso at dapat ibatay sa data ng pagsulong, na sinusukat ang antas ng inaasahang pagsulong mula sa panahon bago magkaroon ng COVID.

# Flow Chart ng Desisyon ng mga Serbisyo para Makabawi

| | Mga Kasalukuyang Antas | Pagsulong | Mga Serbisyo |
|---|---|---|---|
| **Bago magkaroon ng COVID (Saligan)** | *Ano ang mga kasalukuyang antas ng pagganap ng estudyante bago magkaroon ng COVID?* | *Ano ang antas ng pagsulong ng estudyante (sa mga layunin ng IEP) bago magkaroon ng COVID?* | *Anong mga espesyal na edukasyon at nauugnay na serbisyo ang naisadokumento sa IEP ng estudyante bago magkaroon ng COVID?* |
| **Mula Tagsibol ng 2020 hanggang sa Kasalukuyan** | *Anong mga alalahanin ang ipinarating ng (mga) magulang?*<br>*Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga kasalukuyang antas sa pagganap ng estudyante, kumpara sa inaasahang antas ng pagganap ng estudyante kung hindi nangyari ang pandemya?* | *Gaano nabawasan o bumagal ang antas ng pagsulong ng estudyante (sa mga layunin ng IEP) kumpara sa mga saligang antas?* | *Anong espesyal na edukasyon at nauugnay na mga serbisyo ang inialok sa estudyante noong tagsibol ng 2020 at noong taong pampaaralan ng 2020–21 kumpara sa saligang alok ng libre at naaangkop na pampublikong edukasyon (free and appropriate public education, FAPE)?*<br>*Hanggang saan na-access ng estudyante ang mga iniaalok na serbisyo noong tagsibol ng 2020 at noong taong pampaaralan ng 2020–21?* |
| **Desisyon sa mga Serbisyo para Makabawi** | *Paano at kailan maa-access ng estudyante ang mga serbisyo para makabawi? Anong mga opsyon ang available para sa inclusive na pag-access, ibinibigay man ang mga serbisyo para makabawi sa araw na mayroon o walang pasok sa paaralan?* | *Batay sa kasalukuyang bilis ng pagsulong, edad, at antas ng pag-unlad ng estudyante, ano ang timeline para makamit ng estudyante ang inaasahang antas ng pagsulong para sa tinukoy na mga larangan ng serbisyo para makabawi?*<br>*Paano at gaano kadalas ipapaalam sa mga magulang ang pagsulong sa mga serbisyo para makabawi, kasama na kung paano tutugunan ng team ng IEP ang anumang kakulangan ng makatwirang pagsulong?* | *Batay sa kasalukuyang antas ng pagganap ng estudyante at ang mga napalampas o binawasang serbisyo habang may pandemya, anong espesyal na edukasyon o nauugnay na mga larangan ng serbisyo o mga layunin ng IEP ang nangangailangan ng mga serbisyo para makabawi?*<br>*Para sa tinukoy na mga larangan ng serbisyo para makabawi, gaano karaming serbisyo ang kailangan para matulungan ang estudyante na makamit ang antas ng pagsulong na inaasahan kung hindi nangyari ang pandemya?* |

Pinagkunan: Gabay ukol sa Mga Serbisyo para Makabawi sa Espesyal na Edukasyon ng Washington: 2021 at sa Susunod na mga Taon (p. 5). 17

Kinuha rin nang direkta ang talaan na ito mula sa aming patnubay sa mga serbisyo para makabawi. Nasa slide ang link, at makikita ninyo ang talaan sa pahina 5 ng dokumento ng patnubay. Tatalakayin ko pa ang nilalaman ng talaan sa susunod na mga slide.

## Flow Chart ng Desisyon ng mga Serbisyo para Makabawi

| | Mga Kasalukuyang Antas | Pagsulong | Mga Serbisyo |
|---|---|---|---|
| **Bago magkaroon ng COVID (Saligan)** | *Ano ang mga kasalukuyang antas ng pagganap ng estudyante bago magkaroon ng COVID?* | *Ano ang antas ng pagsulong ng estudyante (sa mga layunin ng IEP) bago magkaroon ng COVID?* | *Anong mga espesyal na edukasyon at nauugnay na serbisyo ang naisadokumento sa IEP ng estudyante bago magkaroon ng COVID?* |

Pinagkunan: Gabay ukol sa Mga Serbisyo para Makabawi sa Espesyal na Edukasyon ng Washington: 2021 at sa Susunod na mga Taon (p. 5). 18

Ang unang hakbang para tukuyin ang pangangailangan sa mga serbisyo para makabawi, kabilang ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat, ay magbalik-tanaw sa mga kasalukuyang antas ng pagganap ng estudyante bago magkaroon ng COVID. Dapat na isaaalang-alang rin ng mga team ang antas ng estudyante o bilis ng pagsulong sa mga layunin ng IEP bago magkaroon ng COVID. Panghuli, anong mga espesyal na edukasyon at nauugnay na serbisyo ang isinadokumento sa IEP ng estudyante bago magkaroon ng COVID?

## Flow Chart ng Desisyon ng mga Serbisyo para Makabawi

| | Mga Kasalukuyang Antas | Pagsulong | Mga Serbisyo |
|---|---|---|---|
| **Mula Tagsibol ng 2020 hanggang sa Kasalukuyan** | *Anong mga alalahanin ang ipinarating ng (mga) magulang?*<br><br>*Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga kasalukuyang antas sa pagganap ng estudyante, kumpara sa inaasahang antas ng pagganap ng estudyante kung hindi nangyari ang pandemya?* | *Gaano nabawasan o bumagal ang antas ng pagsulong ng estudyante (sa mga layunin ng IEP) kumpara sa mga saligang antas?* | *Anong mga espesyal na edukasyon at nauugnay na serbisyo ang inialok sa estudyante noong tagsibol ng 2020 at noong taong pampaaralan ng 2020–21 kumpara sa batayang alok ng FAPE?*<br><br>*Hanggang saan na-access ng estudyante ang mga iniaalok na serbisyo noong tagsibol ng 2020 at noong taong pampaaralan ng 2020–21?* |

Pinagkunan: Gabay ukol sa Mga Serbisyo para Makabawi sa Espesyal na Edukasyon ng Washington: 2021 at sa Susunod na mga Taon (p. 5). 19


Lumipat tayo sa kasalukuyang panahon, anong mga alalahanin ang ipinarating ng magulang at estudyante? Ano ang pagkakaiba (o puwang) sa pagitan ng mga kasalukuyang antas sa pagganap ng estudyante, kumpara sa inaasahang antas ng pagganap ng estudyante kung hindi nangyari ang pandemya. Halimbawa, kung ang IEP ay may layunin sa paglipat na nauugnay sa trabaho bago magkaroon ng COVID, paano sumusulong ang estudyante sa layuning iyon bago magkaroon ng COVID? Anong antas ng pagsulong ang inasahan mo sana sa layuning iyon kung hindi nangyari ang COVID? Ano na ang nagagawa ng estudyante sa layunin na iyan ngayon, batay sa data ng pagsulong? Bumagal ba ngayon ang antas (o bilis) o pagsulong ng estudyante kumpara noong bago magkaroon ng COVID? At anong mga serbisyo ang inialok at anong mga serbisyo ang na-access ng estudyante sa panahon ng pandemya? Ang lahat ng impormasyong iyan ay tutulong sa IEP team na pagdesisyunan ang pangangailangan sa mga serbisyo para makabawi.

## Flow Chart ng Desisyon ng mga Serbisyo para Makabawi

| | Mga Kasalukuyang Antas | Pagsulong | Mga Serbisyo |
|---|---|---|---|
| **Desisyon sa mga Serbisyo para Makabawi** | *Paano at kailan maa-access ng estudyante ang mga serbisyo para makabawi? Anong mga opsyon ang available para sa incluive na pag-access, ibinibigay man ang mga serbisyo para makabawi sa araw na mayroon o walang pasok sa paaralan?* | *Batay sa kasalukuyang bilis ng pagsulong, edad, at antas ng pag-unlad ng estudyante, ano ang timeline para makamit ng estudyante ang inaasahang antas ng pagsulong para sa tinukoy na mga larangan ng serbisyo para makabawi?*<br><br>*Paano at gaano kadalas ipapaalam sa mga magulang ang pagsulong sa mga serbisyo para makabawi, kasama na kung paano tutugunan ng team ng IEP ang anumang kakulangan ng makatwirang pagsulong?* | *Batay sa kasalukuyang antas ng pagganap ng estudyante at ang mga napalampas o binawasang serbisyo habang may pandemya, anong espesyal na edukasyon o nauugnay na mga larangan ng serbisyo o mga layunin ng IEP ang nangangailangan ng mga serbisyo para makabawi?*<br><br>*Para sa tinukoy na mga larangan ng serbisyo para makabawi, gaano karaming serbisyo ang kailangan para matulungan ang estudyante na makamit ang antas ng pagsulong na inaasahan kung hindi nangyari ang pandemya?* |

Pinagkunan: Gabay ukol sa Mga Serbisyo para Makabawi sa Espesyal na Edukasyon ng Washington: 2021 at sa Susunod na mga Taon (p. 5). 20

Pagpapasiyahan ng IEP team ang mga layunin at larangan ng serbisyo ng IEP sa mga serbisyo para makabawi, kabilang ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat. Ang timeline, halaga, at uri ng mga serbisyo para makabawi ay magiging iba-iba para sa bawat estudyante, depende sa dami ng pagsulong na kailangang gawin at kung para sa aling mga larangan ng layunin ng IEP.



# Mga Serbisyo para Makabawi sa Panahon ng Paglipat para sa Estudyanteng may IEP

(Bahagi ng mga Serbisyo para Makabawi)

Ngayon, pumunta naman tayo sa mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat, na bahagi ng pagbawi para sa mga estudyante.

## Ano ang mga Serbisyo para Makabawi sa Panahon ng Paglipat?

- Ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat ay karagdagang serbisyo sa paglipat para sa mga estudyanteng may IEP para matugunan ang kawalan ng makatwirang pagsulong sa mga layunin ng IEP o sa plano sa paglipat dahil sa mga napalampas o limitadong espesyal na edukasyon o nauugnay na serbisyo, o para sa iba pang dahilan na sanhi ng pandemya.
- Kasama sa pagpopondo para sa mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat ang pederal at pang-estadong mga pondo sa espesyal na edukasyon, pondo ng Batas ukol sa Plano sa Pagsagip ng Amerikano (American Rescue Plan Act, ARPA), at pondo ng estado para sa pinalawig na mga serbisyo sa paglipat para sa mga estudyanteng lampas sa edad na 21 taong gulang.


Washington Office of Superintendent of
PUBLIC INSTRUCTION

22

Umaasa ako na nakatulong ang unang kalahati ng ating sesyon para mabigyan kayo ng mas mahusay na pag-unawa sa mga serbisyo para makabawi. PaMagkakatulad ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat - karagdagang serbisyo ang mga ito sa paglipat para tugunan ang kawalan ng makatwirang pagsulong sa mga layunin ng IEP at/o paglipat dahil sa pandemya.

Pansinin na may magkakaibang pondo na magagamit para suportahan ang mga paaralan sa pagbibigay ng mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat. Kasama sa mga pinagkukunan ng pondo ang pederal at pang-estadong pondo sa espesyal na edukasyon, pondo ng Batas ukol sa Plano sa Pagsagip ng Amerikano (o ARPA), at mga partikular na pondo ng estado na ibinigay para sa pinalawig na mga serbisyo sa paglipat para sa mga estudyanteng lampas sa edad na 21 taong gulang. Kabilang sa mga pondong iyon ang $12M para sa taong pampaaralan ng 2021–22, at $12M para sa taong pampaaralan ng 2022–23.

Papasok na dito si Alex ngayon at tutulungan niya tayong malaman ang mas maraming impormasyon tungkol sa mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat.




Kaya, baka ang kasunod na mga tanong na naiisip ninyo ay kung karapat-dapat ba ang inyong estudyante para sa mga serbisyong ito para makabawi sa panahon ng paglipat. Maraming estudyanteng nasa edad ng paglipat na 16 hanggang 21 taong gulang ang maaaring nakaranas ng malalaking pagkaantala sa pagkatuto na nakabatay sa gawain at pag-access sa komunidad dahil sa pandemya at maaari silang maging karapat-dapat para sa mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat. Maaari ding mangailangan ng mga serbisyo sa paglipat ang mga estudyanteng tumuntong sa edad na 21 taong gulang sa panahon ng pandemya at hindi pa nakakapagkamit ng diploma.

Kung pinagpasiyahan ng IEP team na kinakailangan ang mga serbisyong ito, maaari nitong:

- Tugunan ang kawalan ng pagsulong sa mga layunin ng IEP o sa Plano ng Paglipat ng IEP.
- Ibigay ang napalampas na espesyal na edukasyon o nauugnay na mga serbisyo AT MAAARI din nitong
- Suportahan ang mga estudyante na makamit ang mga inaasahang antas ng pagsulong sa kanilang mga layunin pagkatapos ng sekondarya (kagaya ng nakasaad sa Plano sa Paglipat ng IEP at Plano sa High School at Pagkatapos Nito (High School and Beyond Plan, HSBP).

Ilan sa mga punto na gusto kong idiin dito ay ang IEP team ang responsable para sa pagpapasiya kung natugunan ng estudyante ang mga iniaatas sa kaniya para sa pagtatapos kung saan maaaring kabilang hindi lang ang mga credit at landas sa pagtatapos kundi pati na rin ang kaniyang plano para sa paglipat ng IEP at mga layunin ng IEP. Kapag nakamit ng estudyante ang kaniyang diploma, dahil natukoy ng IEP team na natugunan niya ang lahat ng kinakailangan para sa pagtatapos at hindi na kailangan ang mga karagdagang serbisyo sa espesyal na edukasyon, kabilang ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat. Hindi dapat mag-isyu ng mga diploma ang mga IEP team at pagkatapos ay hindi ibibigay ang mga ito para makatanggap ang mga estudyante ng mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat.

Isa pang punto dito ay: Ang mga senior na magpapatuloy sa pagtanggap ng mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat o sasali sa programa ng paglipat ay maaaring magmartsa kasama ang mga

kaeskwela nila at sumali sa lahat ng aktibidad para sa pagtatapos. Maaaring makakuha ng sertipiko ng pagdalo ang mga estudyanteng ito sa panahon ng seremonya ng pagtatapos at pagkatapos ay matatanggap nila ang kanilang diploma kapag nakumpleto nila ang lahat ng mga iniaatas para sa kanilang pagtatapos, at pagpapasiyahan ng IEP team na hindi kailangan ang karagdagang serbisyo sa espesyal na edukasyon. Pinahihintulutan ng Batas ni Kevin (Nirebisang Kodigo ng Washington (Revised Code of Washington, RCW) 28A.155.170) ang mga estudyante na magpapatuloy na tumanggap ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa pagitan ng mga edad na 18 at 21 taong gulang na sumali sa seremonya at aktibidad ng pagtatapos kasama ang kanilang mga kaeskwela pagkatapos ang apat na taon ng pagpasok sa high school at tumanggap ng sertipiko ng pagdalo.

## Ano ang Ginagawa ng mga Paaralan para Makabawi sa Panahon ng Paglipat?

- Isinasaalang-alang ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat para sa bawat estudyanteng nasa edad ng paglipat na may IEP: ano ang inaasahang antas ng pagsulong mula sa IEP at Plano sa Paglipat bago magkaroon ng COVID kung HINDI nangyari ang pandemya?
- Hindi kailangang humiling ng mga pamilya at estudyante para mangyari ang prosesong ito; dapat itong maging bahagi ng proseso ng IEP.
- Ang mga IEP ay sinusuri kada taon at maaaring suriin nang mas madalas sa kawalan ng pagsulong sa layunin ng IEP, impormasyon mula sa mga magulang, at/o para talakayin ang inaasahang pangangailangan ng estudyante.

Washington Office of Superintendent of
PUBLIC INSTRUCTION

24

Ang mga serbisyo para Makabawi sa Panahon ng Paglipat, katulad ng lahat ng mga desisyon para makabawi ay dapat suriin at isaalang-alang para sa bawat estudyanteng may IEP. Magiging partikular ang mga serbisyo para Makabawi sa Panahon ng paglipat sa mga estudyanteng nasa edad ng paglipat, na 16 hanggang lampas 21 taong gulang

Ibabatay ang mga desisyon ng IEP sa Mga Serbisyo para Makabawi sa inaasahang antas ng pagsulong sa IEP at plano sa Paglipat bago magkaroon ng COVID kung hindi nangyari ang pandemya.
Hindi kailangang humiling ng mga pamilya at estudyante para mangyari ang prosesong ito, dapat itong maging bahagi ng proseso ng IEP. Kabilang sa proseso ng IEP ang taunang pagsusuri ng IEP pero maaaring mas madalas na ibatay sa pangangailangan ng estudyante, pagsulong sa layunin ng IEP o impormasyon ng magulang

## Mga Halimbawa ng Mga Serbisyo para Makabawi sa Panahon ng Paglipat

- Suporta sa pag-apply sa kwalipikasyon sa mga ahensya para sa nasa hustong gulang, kabilang ang Dibisyon ng Bokasyonal na Rehabilitasyon (DVR), Administrasyon ng mga Kapansanan sa Pag-unlad (DDA), atbp.
- Isakatuparan ang pag-obserba sa pagganap ng empleyado sa kanilang trabaho (job shadowing) sa Plano sa Paglipat ng IEP.
- Karagdagang personal na ibinalangkas na mga karanasan sa komunidad o pagtatrabaho.
- Suporta sa pag-access at paghahanda sa Pagsusulit para sa Kolehiyo sa Amerika (American College Testing, ACT)/Pagsusulit sa Pang-akademikong Kakayahan (Scholastic Aptitude Test, SAT) o iba pang entrance exam sa kolehiyo.
- Espesyal na Idinisenyong Pagtuturo (Specially Designed Instruction, SDI) o Nauugnay na mga Serbisyo (Related Services, RS) para suportahan ang:
  - Paggawa ng draft at pagrebisa ng resume.
  - Pagkumpleto sa mga aplikasyon para sa mga trabaho at karagdagang edukasyon.
  - Pagtatakda at pagpapanatili ng lingguhang badyet.
  - Paggamit ng mga estratehiya sa epektibong pakikipag-ugnayan sa mga setting ng komunidad.
  - Paggamit ng sistema ng pampublikong transportasyon nang mag-isa.

Washington Office of Superintendent of
PUBLIC INSTRUCTION

25

Pagpapasiyahan ng IEP team ang mga serbisyo para makabawi para sa Indibidwal na Estudyante at ibabatay sa mga layunin ng IEP bago magkaroon ng COVID, at plano sa paglipat. Kasama dito ang ilang halimbawa kaya halimbawa maaaring ganito ang hitsura nito :

- Pag-obserba sa pagganap ng empleyado sa kanilang trabaho (job shadowing).
- Suporta para sa mga kasanayan sa paghahanda sa trabaho.
- Suporta sa pag-apply para sa kwalipikasyon sa sinusuportahang trabaho at gumawa ng iba pang ugnayan sa mahahalagang ahensya (kagaya ng DVR at DDA).

Maaari din itong suporta sa espesyal na edukasyon para sa mga layunin ng IEP kagaya ng:

- Paggawa ng resume.
- Pagkumpleto sa mga aplikasyon sa trabaho at edukasyon.
- Pagsisikap para sa mga kasanayan sa pangangasiwa ng pera.
- Pagpapabuti sa epektibong pakikipag-ugnayan sa setting sa komunidad.
- Paggamit ng sistema ng pampublikong transportasyon nang mag-isa.

Ilan lang ang mga ito sa halimbawa lang kung ano ang maaaring maging hitsura ng Mga Serbisyo para Makabawi sa Panahon ng Paglipat. Tandaan na ibabatay ang mga ito sa IEP ng inyong mga estudyante bago magkaroon ng COVID at isinapersonal para sa inyong estudyante.

## Paano Isinadokumento ang mga Serbisyo para Makabawi sa Panahon ng Paglipat?

- Karaniwang isinadokumento ang mga Serbisyo para Makabawi sa Panahon ng Paglipat sa paunang nakasulat na abiso (prior written notice, PWN) katulad ng panghaliling edukasyon.
- Maaaring naiiba ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat at ang kahulugan ng "araw na may pasok sa paaralan" para sa mga estudyanteng tumatanggap ng mga serbisyo sa paglipat, lalo na sa mga lampas sa edad na 21 taong gulang.
- Ang mga estudyanteng lampas na sa edad na 21 taong gulang ay hindi na karapat-dapat para sa libre at naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE) sa pamamagitan ng IEP. Para sa mga estudyanteng hindi pa nakakapagkamit ng diploma, maaaring tukuyin ng IEP team na kinakailangan pa rin ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat.
- Sa halip na IEP na may mga ulat sa pagsulong, isasadokumento ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat at mga timeline na ito sa pamamagitan ng PWN.

Washington Office of Superintendent of
PUBLIC INSTRUCTION

26

Kaya paano isinasadokumento ang mga serbisyong ito? Karaniwang isinasadokumento ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat sa paunang nakasulat na abiso katulad ng panghaliling edukasyon.

Maaaring naiiba ang mga Serbisyo para Makabawi sa Panahon ng Paglipat at ang kahulugan ng araw na may pasok sa paaralan para sa mga estudyanteng kumukuha ng mga serbisyo sa paglipat, lalo na sa lampas sa edad na 21 taong gulang dahil marami sa mga serbisyong ito ang maaaring maganap sa mga setting sa komunidad o sa trabaho at maaaring naiiba ang mga oras mula sa karaniwang araw na may pasok sa paaralan.

Ang mahalagang punto dito ay ang mga estudyanteng lampas sa edad na 21 taong gulang ay hindi na karapat-dapat para sa libre at naaangkop na edukasyon o FAPE sa pamamagitan ng IEP. Gayunman, para sa mga estudyanteng mas matanda sa 21 taong gulang na hindi pa nakakapagkamit ng diploma, maaaring tukuyin ng IEP team na kinakailangan pa rin ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat.

Sa halip na isadokumento ito sa IEP na may mga ulat sa pagsulong, ibabalangkas ng IEP team ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat at ang timeline na ito sa pamamagitan ng paunang nakasulat na abiso. Kagaya ng binanggit kanina sa presentasyon, ang mga serbisyong ito ay ibabatay sa kung ano ang inaasahang antas ng pagsulong sa IEP at Plano sa Paglipat bago magkaroon ng COVID kung hindi nangyari ang pandemya

Kaya bilang buod, hindi babaguhin ng mga IEP team ang IEP o gagawa ng panibagong pagsusuri para sa mga estudyanteng lampas sa edad na 21 taong gulang, ang mga suporta para makabawi sa panahon ng paglipat ay malamang na isasadokumento sa PWN at ibabatay sa nakaraang IEP bago magkaroon ng COVID.

# Paano Ibinibigay ang mga Serbisyo para Makabawi sa Panahon ng Paglipat?

- Tinutukoy ng mga IEP team ang pangangailangan ng estudyante sa mga serbisyo para makabawi, kasama ang iskedyul, inaasahang timeline, mga larangan ng serbisyo, at halaga ng mga serbisyo.
- Pag-iisip tungkol sa mga iskedyul at timeline:
  - **Isinapersonal ang mga desisyon at ibinatay sa kasalukuyang antas ng pagganap ng estudyante kumpara sa inaasahang pagsulong sa panahon ng paglipat kung hindi nangyari ang pandemya.**
  - **Dapat maging inclusive at nakaayon sa kapaligirang may pinakakaunting paghihigpit ng estudyante.**
  - **Dapat isaalang-alang ang mga ugnayan sa mga ahensya, kasalukuyang trabaho at o access sa mga serbisyo mula sa iba pang ahensiya para sa nasa hustong gulang.**

Washington Office of Superintendent of
PUBLIC INSTRUCTION



Kaya paano ibinibigay ang mga serbisyo para makabawi?

- Tinutukoy ng team ng IEP ang pangangailangan ng estudyante sa mga serbisyo para makabawi, kasama ang iskedyul, timeline, mga larangan ng serbisyo, at dami ng mga serbisyo.
- Isinapersonal ang mga desisyon at ibinatay sa kasalukuyang antas ng pagganap ng estudyante kumpara sa inaasahang pagsulong kung hindi nangyari ang pandemya.
- Dapat maging innclusive ang Mga Serbisyo para Makabawi hangga't maaari, AT
- Dapat isaalang-alang ang mga link ng ahensya, kasalukuyang trabaho at o access sa mga serbisyo mula sa iba pang ahensiya para sa nasa hustong gulang.

## Paano Ibinibigay ang mga Serbisyo para Makabawi sa Panahon ng Paglipat?

### Pagsasaayos ng Kawani

**Kasama sa mga opsyon ang:**

- Lisensyado o sertipikadong kawani ng espesyal na edukasyon.
- Mga empleyado ng distrito ng paaralan (sa ilalalim ng direktang pangangasiwa at pagsubaybay ng kawani ng espesyal na edukasyon).
- Kawani ng espesyal na edukasyon mula sa mga kalapit na distrito ng paaralan at mga distrito ng serbisyong pang-edukasyon (educational service districts, ESD).
- Pagbibigay ng mga serbisyo para makabawi na may maiikling bakasyon sa paglipas ng panahon.

### Transportasyon

Kailangan ng IEP team na solusyunan ang problema kasama ang lokal at mga panrehiyong departamento ng transportasyon para matiyak na mayroong naaangkop na transportasyon ang mga estudyante, kung kinakailangan nilang ma-access ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat.


**Kasama sa mga opsyon ang:**

- Pandistrito at panrehiyong transportasyon.
- Mga magkabahaging kasunduan.
- Mga opsyon ng pribadong transportasyon.
- Pag-reimburse sa magulang para sa mga gastusin sa pagbibiyahe.

Washington Office of Superintendent of
PUBLIC INSTRUCTION

28

Batid ng OSPI na magiging patuloy na hamon ang pagsasaayos ng mga kawani at transportasyon para sa mga serbisyo para makabawi. Matagal nang ipinatupad ng mga IEP team at distrito ng paaralan ang iba't ibang paraan sa pagsasaayos ng kawani at transportasyon para sa mga serbisyo sa paglipat at patuloy na ipapatupad ang mga ito at palalawigin ang mga kasalukuyang gawain. Makikita ninyo ang ilang nakalista rito at sa ating dokumento ng patnubay. Para manatiling nasa oras, hindi na natin detalyadong tatalakayin ang mga ito sa ngayon, pero gusto namin na magkaroon kayong lahat ng parehong impormasyon kagaya ng sa mga distrito.




Habang tinatapos natin ang ating talakayan ngayong gabi, alam namin na iniisip ng mga pamilya kung ano ang magagawa nila para matiyak na matatanggap ng kanilang mga estudyante ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat na kailangan nila. Bilang unang hakbang, hinihimok namin kayong makipag-ugnayan sa inyong IEP team kaugnay ng inyong mga tanong tungkol sa mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat at, ang mas mahalaga, para matuto pa tungkol sa datos ng pagsulong ng inyong estudyante sa panahon ng pandemya.

Maaaring kabilang sa datos ng pagsulong ang mga layunin ng IEP, mga grado sa report card, pagsulong sa Plano sa High School at Pagkatapos Nito at sa mga landas sa pagtatapos, pagsulong sa Plano ng Paglipat ng IEP, atbp.

Napakahalaga ng inyong kaalaman at mga obserbasyon tungkol sa pag-aaral ng inyong estudyante sa panahon ng pandemya! Ibahagi sa inyong IEP team kung ano ang inyong natutuhan tungkol sa inyong estudyante sa panahon ng remote na pagtuturo, kabilang ang mga naging pinakaepektibong estratehiya. Kung nakikipag-ugnayan ang inyong estudyante sa iba pang ahensya, gaya ng mga tagapagbigay ng trabaho, ibahagi rin ang impormasyong iyon.

Alam namin na maaaring hindi laging sumang-ayon ang mga miyembro ng IEP team. Kung hindi kayo sumasang-ayon sa ipinanukalang opsyon o timeline ng mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat, ibahagi ang mga alalahaning iyon sa IEP team at hilingin na idokumento ito. Maaari din kayong makipag-ugnayan sa punong-guro ng inyong paaralan, sa direktor ng

espesyal na edukasyon ng distrito, o sa aming opisina ng espesyal na edukasyon dito sa OSPI. Nasa susunod na slide ang aming impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

## Paano kung Hindi Nag-access ng mga Serbisyo ang Aking Estudyante sa Panahon ng Pandemya?

- Maaaring nag-alok ang mga paaralan ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo, kabilang ang mga serbisyo sa paglipat, sa panahon ng pandemya, at maaaring tinanggihan ng mga pamilya ang mga serbisyong iyon o pinili nilang manatili sa remote dahil sa iba't ibang dahilan.
- Sa panghaliling edukasyon, isasaalang-alang ng hukom ng administratibong batas o OSPI ang mga salik na nakakapagpagaan na maaaring makabawas sa igagawad na panghahalili, gaya ng pagtanggi ng pamilya sa inialok na mga serbisyo.
- Dapat gumawa ang mga IEP Team ng isinapersonal na desisyong nakasentro sa estudyante na may kinalaman sa kung anong mga serbisyo para makabawi ang kinakailangan sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang ng:
  - Pagiging available at ang epekto sa estudyante kung hindi maa-access ang mga iniaalok na serbisyo.
  - Mga dahilan ng pamilya para sa pagtanggi at mga potensyal na solusyon na maa-access ng estudyante kung kinakailangan (halimbawa, kung hindi available ang estudyante sa panahon ng mga buwan sa tag-araw).
  - Mga pangangailangan ng estudyante at ang epekto ng COVID sa estudyante.

Washington Office of Superintendent of
PUBLIC INSTRUCTION

30

Isa sa pinakamadalas itanong sa amin ng mga magulang at paaralan ay tungkol sa mga serbisyong inalok at na-access sa panahon ng pandemya. Maaaring nag-alok ang mga paaralan ng espesyal na edukasyon at nauugnay na mga serbisyo, kabilang ang mga serbisyo ng paglipat, sa panahon ng pandemya. Maaaring tinanggihan ng mga pamilya ang mga serbisyong iyon o piniling manatili sa remote na pagtuturo, kaysa sa personal na mga serbisyo, dahil sa iba't ibang dahilan.

Sa panghaliling edukasyon, isasaalang-alang ng isang hukom ng administratibong batas o ng isang imbestigador ng OSPI ukol sa reklamo ang mga salik na maaaring bawasan ang igagawad na panghalili, kabilang ang pagtanggi sa mga inialok na serbisyo. Ang pagbabalangkas namin sa mga serbisyo para makabawi ay dapat maging aktibo at may pagtutulungan ang prosesong ito, sa halip na hintayin ang pamilya na magsagawa ng mga opsyon para lutasin ang di-pagkakaunawaan. Dapat isaalang-alang ng IEP team ang kakayahan ng estudyante na ma-access at sumulong sa mga serbisyong iniaalok, ang mga dahilan ng pamilya sa pagtanggi sa dami o uri ng mga serbisyong iniaalok, at ang mga indibidwal na pangangailangan ng estudyante dahil sa kasalukuyang pandemya. Gayundin, gaya ng nabanggit, patuloy na magkakaroon ng access ang mga pamilya sa mga opsyon para lutasin ang mga di-pagkakaunawaan.

# Paano Sinusuportahan ng OSPI ang Mga Serbisyo para Makabawi sa Panahon ng Paglipat

- Mga Kinakailangang suporta para sa mga estudyanteng may kapansanan sa Plano para Makabawi para sa Kapakanan na Pang-akademiko at Estudyante ng OSPI: Gabay sa Pagpaplano 2021.
- Inilathala ang Gabay ukol sa Mga Serbisyo para Makabawi sa Espesyal na Edukasyon ng Washington: 2021 at sa mga Susunod na Taon.
- Nagsagawa ng webinar para sa mga ka-partner na paaralan/distrito tungkol sa mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat noong Mayo 20, 2021.
- Patuloy na nakikipag-ugnayan sa mga ka-partner sa paglipat, kabilang ang mga ahensya ng estado, paaralan, grupo sa komunidad, employer, at tagapagbigay ng propesyonal na pag-unlad.
- Mga aktibidad sa pagsubaybay ng espesyal na edukasyon:
  - 2020–21: Isinama ang pagsusuri sa Mga Plano sa Paglipat ng IEP at mga HSBP, pagsulong ng estudyante, at pang-edukasyong benepisyo, pati na rin ang pagbibigay ng FAPE sa panahon ng COVID.
  - 2021–22: Isasama ang pagsusuri sa pagtukoy at pagpapatupad ng mga serbisyo para makabawi sa mga indibidwal na estudyante, pati na rin ang mga Plano sa Paglipat, HSBP, pagsulong ng estudyante at pang-edukasyong benepisyo.

Washington Office of Superintendent of
PUBLIC INSTRUCTION

31

Tinanong din sa amin kung ano ang ginagawa ng OSPI para suportahan ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat. Ang mga dokumento ng patnubay, kabilang ang gabay sa Plano para Makabawi para sa Kapakanan na Pang-akademiko at Estudyante at ang gabay sa mga serbisyo para makabawi sa espesyal na edukasyon, ay nagbibigay ng partikular na patnubay sa mga paaralan at IEP team para sa mga serbisyo para makabawi. Nagsagawa kami ng webinar para sa mga ka-partner ng paaralan at distrito tungkol sa mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat noong Mayo 20, at kasalakuyan naming nirerebisa ang aming dokumento ng komprehensibong tanong at sagot para sa pagbibigay ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa panahon ng pandemya.

Patuloy kaming nakikipag-ugnayan sa mga ka-partner sa paglipat, kabilang ang mga ahensya at konseho ng estado, paaralan, organisasyon sa komunidad, employer, at tagapagbigay ng propesyonal na pag-unlad.

Sinimulan na rin naming isama ang mga serbisyo para makabawi, kabilang ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat, sa aming pang-estadong pagsubaybay sa espesyal na edukasyon. Sa taong pampaaralan na ito, kasama sa proseso namin ang pagsusuri ng mga plano sa paglipat ng IEP at mga plano sa high school at pagkatapos nito, pagsulong ng estudyante at pang-edukasyong benepisyo sa paglipas ng panahon, at ang pagbibigay ng libre at naaangkop na pampublikong edukasyon (o FAPE) sa panahon ng COVID. Tinanong namin ang mga katayuan ng mga serbisyo para makabawi sa bawat distrito na sinusubaybayan namin.

Sa susunod na taon, susuriin namin ang pagtukoy, dokumentasyon, at pagpapatupad ng mga serbisyo para makabawi para sa mga indibidwal na estudyante, kabilang ang mga plano sa paglipat, mga plano sa high school at pagkatapos nito, pagsubaybay sa pagsulong, at pang-edukasyong benepisyo sa paglipas ng panahon.

## Paano Ko Pa Malalaman ang tungkol sa mga Sebisyo para Makabawi sa Panahon ng Paglipat?

- Humingi sa inyong IEP team ng karagdagang impormasyon at datos ng pagsulong sa layunin ng IEP para magkaroon ng batayan ang mga desisyon kung kinakailangan ba ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat.
- Makipag-ugnayan sa opisina ng espesyal na edukasyon sa inyong distrito kung mayroon kayong karagdagang tanong o ikinababahala.
- Isaalang-alang ang pag-access ng anumang suplementong edukasyon sa tag-araw o sa taong panuruan na iniaalok ng inyong distrito, bilang karagdagan sa anumang serbisyo para makabawi.
- Bisitahin ang page para sa pamilya ng Espesyal na Edukasyon ng OSPI sa Mga Serbisyo sa Paglipat (Mga Edad na 16–21 taong gulang) para sa impormasyon tungkol sa pagtatapos at paglipat. Maaari din kayong mag-email sa Espesyal na Edukasyon sa OSPI o tumawag sa 360-725-6075.
- Makipag-ugnayan kay Rod Duncan sa Rod.Duncan@dshs.wa.gov para makipag-usap tungkol sa mga serbisyo ng DDA
- Alamin ang higit pa tungkol sa mga serbisyo ng DVR sa webpage ng Paglipat sa High School o makipag-ugnayan kay Tammie Doyle, Manager ng Paglipat sa DVR, sa email ni Tammie Doyle o 509-368-1005

Washington Office of Superintendent of
PUBLIC INSTRUCTION

32

Ang IEP team ng inyong estudyante ang pinakamahusay na mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa pagsulong, mga serbisyo, at pangangailan ng inyong estudyante sa mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat. Maaari din kayong makipag-ugnayan sa direktor ng espesyal na edukasyon sa inyong distrito kung may mga tanong at alalahanin. Maaaring makinabang ang inyong estudyante mula sa pangkalahatang suplementong programa sa tag-araw o taong pampaaralan na iniaalok ng distrito ng inyong paaralan, bukod pa sa anumang indibidwal na serbisyo para makabawi.

Panghuli, ang page ng pamilya ng Espesyal na Edukasyon ng OSPI ay lagi naming ia-update kaugnay ng impormasyon tungkol sa mga Serbisyo sa Paglipat para sa mga estudyanteng may 16 hanggang 21 taong gulang. Maaari din kayong mag-email sa speced@k12.wa.us ng mga tanong na partikular sa estudyante o tumawag sa aming opisina sa 360-725-6075.

# Mga Tanong?



https://media.istockphoto.com/photos/red-flag-with-question-mark-on-map-background-3d-rendering-picture-id537276026

# Mga Madalas Itanong mula sa mga Pamilya

**T: Ang aking estudyante ay tumanggap ng mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat at tumuntong sa edad na 21 taong gulang ngayong taon. Makakapasok ba nang isa pang taon sa paaralan ang aking estudyante?**

**S:** Ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat ay available para sa mga estudyanteng tumuntong sa edad na 21 taong gulang sa panahon ng taong papaaralan 2019-20 o 2020-21 at hindi pa nakakatanggap ng diploma. Dapat makipagtulungan ang IEP team upara matukoy kung anong mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat ang kinakailangan. Ang dami at uri ng mga serbisyo para makabawi para sa isang estudyante ay isinapersonal na desisyon ng IEP team batay sa puwang sa pagsulong o sa pagitan ng IEP at Mga Plano sa Paglipat bago ang COVID at ang kasalukuyang pagsulong.

**T: Magtatapos sa Hunyo 2020 ang aking estudyante. Maa-access ba ng aking estudyante ang mga serbisyo para makabawi?**

**S:** Kung tumanggap ng diploma ang estudyante noong Hunyo 2020, hindi na karapat-dapat ang estudyante para sa mga serbisyo o suporta mula sa distrito ng pampublikong paaralan. Tinatapos ng pagkamit ng diploma ang pagiging karapat-dapat ng estudyante at ang karapatan niya para sa libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE). Dahil ito sa responsibilidad ng IEP team ang pagtukoy kung natugunan ng estudyante ang mga kinakailangan sa pagtatapos na hindi lamang kinabibilangan ng mga credit at landas sa pagtatapos kundi pati na rin ang plano sa paglipat ng IEP at mga layunin ng IEP. Kapag nakamit ng estudyante ang kaniyang diploma, dahil natukoy ng IEP team na natugunan niya ang lahat ng kinakailangan para sa pagtatapos at hindi na kailangan ang mga karagdagang serbisyo sa espesyal na edukasyon, kabilang ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat. Kung pakiramdam ng magulang o nasa hustong gulang na estudyanteng nagkamit ng diploma na pinagkaitan sila ng FAPE, maaari silang magsagawa ng ng mga opsyon sa paglutas ng di-pagkakaunawaan.

# Mga Madalas Itanong mula sa mga Pamilya

**T: Paano kung hindi naka-access ng mga serbisyo ang aking estudyante sa panahon ng pandemya? Paano kung bumagal ang aking estudyante sa panahon ng pandemya?**

**S:** Ang access sa at paglahok sa pagtuturo, pagsulong at pagbagal, mga napalampas na serbisyo, atbp. ay mga impormasyon na kailangang isaalang-alang at talakayin ng IEP team ng estudyante kapag tinutukoy kung kinakailangan ang mga serbisyo para makabawi at kung saan magpopokus ang mga serbisyong iyon para makabawi.

**Q: Kung ang estudyante ay 21 taong gulang o mas matanda, at nag-a-access ng mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat, makakakuha ba ng IEP ang estudyante? Saan idodokumento ang mga serbisyo para makabawi?**

**S:** Ang mga estudyanteng lampas sa edad na 21 taong gulang ay hindi na magkakaroon ng IEP, pero kung natukoy ng IEP na kailangan nila ng mga serbisyo para makabawi sa panahon ng paglipat, idodokumento ito sa Paunang Nakasulat na Abiso (Prior Written Notice o PWN).




Salamat sa inyong patuloy na pagsisikap para suportahan ang inyong mga estudyante sa sitwasyon na walang katiyakan at mabilis magbago at sa inyong patuloy na pakikipagtulungan sa mga paaralan at ka-partner sa edukasyon.



Tania